RESOLUSYON BLG. 66
KAUTUSAN BLG. 17

KAUTUSAN NA NAGBABAWAL SA LAHAT NG MANGINGISDA NA GUMAGAMIT NG PANGMALALIMANG KAGAMITAN SA PANGINGISDA, NA MANGHUHULI NG ISDA SA KARAGATANG NASASAKUPAN NG KARAGATAN NG BAYAN NG BULALACAO, LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO

SAPAGKAT, hindi lingid sa kaalaman ng buong Bayan ng Bulalacao na may mga dayuhang mangingisda na manghuli ng isda sa karagatang nasasakupan ng bayang ito;

SAPAGKAT, dahilan sa pagpasok ng mga malalaking mangingisda sa Bayang ito, maraming maliliit na mga mangingisda ang naapektuhan ang kanilang hanapbuhay;

SAPAGKAT, upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga maliliit na mangingisda sa Bayang ito, ang Sangguniang Bayan ay nag-aatas ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Mahigpit na ipinagbabawal sa lahat ng mga mangingisda na gumagamit ng pangmalalimang kagamitan sa pangingisda katulad ng: Pangulong, Holbot-Holbot, Basnig at iba pa, na mangisda sa nasasakupan ng karagatan ng Bayan ng Bulalacao mula dulo ng Burungcaan hanggang dulo ng Maasin, paloob at mula dulo ng Maasin hanggang dulo ng Buyayao at Karambiyan upang mapangalagaan ang kapakanan ng maliliit na mangingisda;

SEKSYON 2. Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay kukumpiskahin ang kanilang kagamitan sa pangingisda, magmumulta ng halagang dalawang libo at limang daan (₱2,500.00) at pagkabilanggo ng anim na buwan o' alin man sa pgkabilanggo at pagmumulta ayon sa Kapasyahan ng Hukuman;

SEKSYON 3. Kautusan o' mga Kautusan ng Bayan na salungat sa Kautusang ito ay pinawawalan na ng bisa;

SEKSYON 4. Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos pagtibayin;

PINAGPASYAHAN PA, na ang mga sipi ng Kautusang ito ay ipadala sa Himpilan ng Pulisya ng Bayang ito para sa kanilang kaalaman;

PINAGTIBAY NG LAHAT:

PINATUTUHANAN ko ang kawastuhan ng Kautusang ito.

SIXTO O. BARRIENTOS
Kalihim ng Bayan



Scanned with CamScanner